Kaugaliang Hapon?

“Ano ang ibig sabihin ng paunang bayad ng upa ng tirahan at parking area?

Isa sa mga alalahanin ng mga dayuhang residente, ang paghahanap ng matitirhan. Ang kaibahan sa kultura, kapaligiran at nasyonalidad ay humahadlang sa mabilis na paghahanap ng pabahay. Para maiwasan ito, kailangang maintindihan ang pamamaraan ng mga Hapon sa pagpapa-upa ng bahay.

Ano ang Sai-no-kuni Foreigner Housing Adviser System?

Ang “Sai-no-kuni Foreigner Housing Adviser System”ay pinamamahalaan ng Saitama Prefecture Int’l Culture Committee of Saitama Pref. Dept. of Policy and Planning Int’l Division kung saan ang mga tagapayo ay mga eksperto sa real estate industry.

★★Maaring tumawag sa mga sumusunod:

Saitama International Association　TEL　048−833−2992

Saitama Prefecture Department of Policy and Planning International Division

TEL　048−830−2717

Garantiya sa pag-upa

Karamihan sa mga real state companies ay kailangan ng garantor sa pagpirma sa kontrata sa pag-upa. Ang garantor ang aako sa responsibilidad sakaling may mangyari sa umuupa. Dahil dito, mahirap humanap ng garantor. Kung kaya’t may mga samahan na maaaring tumulong. Sila ay ang mga lease guarantee company. Kailangan lang mag-iwan ng deposito sa mga kumpanya para magarantiyahan ang pag-upa.

Para sa mga kumpanya o samahan, maraming pagpipilian gaya ng Japan Lease Housing Management Association (Fundamental) at National Guarantor Association. Magtanong sa mga kinauukulan ukol sa renta at sa mga detalye.

Alamin ang mga terminong ginagamit sa kontrata ng pag-uupa kagaya ng “upa”at “sistema ng paunang bayad”

Sa paggawa ng kontrata sa upa, maaaring mahirapan sa pag-unawa sa mga salita gaya ng “upa”, “garahe”, “paunang bayad”, “bond”, “recompense”at “brokerage fee”. Ang hindi paglinaw sa mga ito ay maaaring magdulot ng problema sa pag-upa. Para maiwasan ito, gamitin ang “Sai-no-kuni Foreigner Housing Adviser System” sa mga paliwanag. Makipag-ugnayan din sa FICEC para sa impormasyon ukol sa pag-uupa(,nasa kopya ng “Information Fujimino, No. 108”)

Mga taong “blacklisted” na hindi makaupa ng tirahan

Iniiwasan natin maging blacklisted, (mga lumalabag sa kontrata). Mga kumpanya ng real state ay may mga listahan ng mga blacklisted na tinitingnan bago gawin ang kontrata sa mga uupa. Ang mga sumusunod ay maaaring maging dahilan para ma-blacklist:

① Sinumang hindi nagbabayad o nahuhuli sa pagbayad ng upa.
② Kapag lumabis sa napagkasunduang bilang ng taong maninirahan sa uupahan.
③ Bawal ipaupa ang ilang bahagi o maging ang buong inuupahan sa ibang tao.
④ Sinuman mangahas magpalit ng disenyo ng kuwarto o kaya’y binago ang kanyang inuupahan.
⑤ Sinuman na nagrereklamo tungkol sa kontrata matapos na ito’y napagkasunduan na.

Ingatan ang inyong bisikleta･･･80% nahuli sa pagnanakaw ay mga batang lalake

● Ang inyong bisekleta ay maaring manakaw sa mga kadahilanang :

1) Hindi ninyo iginagarahe ang bisekleta sa nakatalagang parking area.
2) Isang kandado lang ang gamit. Mas ligtas kung dalawang kandado ang gagamitin.
3) Iparehistro sa iyong pangalan ang bisekleta.

●Mga kasong nai-report sa ating lugar sa 2 syudad at 1 bayan :

No.1 Fukuoka police station/ Kami-fukuoka 1-chome
No.1 Mizuho-dai police station/ Higashi-mizuho-dai 2-chome
No.3 Tsuruse station square Police station/ Tsuruse
No.4 Higashi-kubo police station Naema 1-chome

● “Tigdas”(measles)kumakalat sa Saitama

Sa Saitama, kumakalat ang tigdas na nagdadala ng lagnat at kati.

Dati-rati mga sanggol at maliit na bata ang tinatamaan ng tigdas. Ngayon pati mga batang nasa mataas na antaas ng elementarya ay nahahawa na rin.

Sa Saitama, ang mga health centers at pagamutang local ay nagtatawag para sa bakuna sa tigdas.

Sa hakbang na ito, bumaba ang bilang ng mga pasyente mula 2004, kung saan mga 50 pasyente na lang kada taon ang naitatala. Subalit, ngayong taon,ang pagkakaroon ng grupong hawaan ay natuklasan sa Kanto region lalo na sa Tokyo at Ibaraki. Sa mga pamantasan at high schools, hindi maiwasan magliban ng klase dahil sa tigdas.

Sa Saitama, ang mga nagkaroon ng tigdas ay higit kumulang 109 ngayong taon.

Isang junior high school sa western Saitama ang nag-ulat na 14 na mag-aaral ang nahawa ng tigdas at hindi makapasok sa klase.

Sa ngayon, sinasabing 40% ng mga may tigdas ay mula 10~14-taong gulang. Ito ay madaling makahawa dahil nadadala ito sa hangin, gaya ng pagbahing o pag-ubo. Kung kaya't hinihikayat ang lahat na magpabakuna laban sa tigdas. Higit itong kailangan kung may maliit na bata o mag-aaral ng elementarya o junior-high-school.

●Samahan ng mga magulang na may maliliit na anak Iskedyul para sa Hunyo !

Halina at makisaya sa kapwa nanay mula sa iba't-ibang bansa. Ang samahang ito ay naghahatid tuwa sa mga bata at sa ating mga nanay ay pagkakataon para makapagpalitan ng usapin sa pagpapalaki ng mga bata sa loob ng 2 oras. Makisaya!
Ang pagpupulong ay ginagawa kada buwan. Sa simula ng buwan inahayag ang petsa ng pulong. Makipag-ugnayan sa aming tanggapan para sa buwanang skedyul. 256-4290

Kailan June, 28 (Thu) 10:00～12:00
Saan Fukutopia
Paksa Tayo ng maglaro ng diyaryo at karton!

●Klase ng Nihonggo para sa mga banyagang bata Iba't ibang kultura,sama-sama!

Mag-aaral sa Saitama University at mga volunteers ay nagtuturo ng Nihonggo at mga takdang-aralin sa inyong mga anak. Halina at sumama!

◆Sponsor Saitama International Asosasyon ・ Saitama Universitiy
◆Saan Omiya Sonic City 5th floor Saitama University satellite room
◆Kailan Tuwing Miyerkules 5:30 pm ～ 7:30pm (Libre)

★Kailangan - - translators para sa ”Information Fujimino”

Ang“Information Fujimino,” na nakasalin sa iba't ibang wika ay mahigit 10 taon na, at sa kasalukuyan ay nangangailangan kami ng iba pang maaring maging tagasalin sa kani-kanilang sariling wika. Kung nais ninyong maging bahagi o kayo ay interesado tumawag lamang sa Fujimino International Cultural Exchange Center.

TEL. 049－256－4290